

# Bakit may Simbahan ang Tagapagligtas?

1. Basahin ang mga sumusunod na pahayag at salungguhitan ang mga dahilan kung bakit may Simbahan ang Tagapagligtas.



Ang ipinanumbalik na Simbahan ni Jesucristo ay itinatag upang ituro ang kabuuan ng Kanyang doktrina at gamitin ang Kanyang awtoridad ng priesthood upang maisagawa ang mga ordenansang kinakailangan para makapasok sa kaharian ng Diyos. Ang mga miyembrong hindi dumadalo sa Simbahan at umaasa lamang sa sariling espirituwalidad ay inihihiwalay ang kanilang sarili sa mahahalagang bahaging ito ng ebanghelyo: ang kapangyarihan at mga pagpapala ng priesthood, ang kabuuan ng ipinanumbalik na doktrina, at ang mga motibasyon at oportunidad na ipamuhay ang doktrinang iyon. (Dallin H. Oaks, "Ang Pangangailangan para sa Isang Simbahan," *Liahona*, Nob. 2021, 25)



Kasunod ng apostasiya at pagkakawatak-watak ng Simbahan na Kanyang itinatag habang narito sa mundo, muling itinatag ng Panginoon ang Simbahan ni Jesucristo sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith. Ang layunin ay katulad pa rin noon; ito ay ang ipangaral ang mabubuting balita ng ebanghelyo ni Jesucristo at isagawa ang mga ordenansa ng kaligtasan—sa madaling salita, ilapit ang mga tao kay Cristo. At ngayon, sa pamamagitan ng ipinanumbalik na Simbahang ito, ang pangako ng pagtubos ay posible nang makamit maging ng mga espiritu ng mga patay na noong nabubuhay pa sa mundo ay kaunti lang ang alam o walang alam tungkol sa biyaya ng Tagapagligtas. (D. Todd Christofferson, "Bakit Kailangan ang Simbahan," *Liahona*, Nob. 2015, 108)

Sumulat ng maikling buod ng natutuhan mo mula sa mga pahayag na ito tungkol sa dahilan kung bakit may Simbahan ang Tagapagligtas sa lupa.

2. Nang maitatag ang Simbahan noong Abril 1830, ang Aklat ni Mormon ay nailathala na sa unang pagkakataon. Sa Doktrina at mga Tipan 20:9–36, binigyang-diin ng Panginoon ang marami sa mga katotohanang itinuturo sa Aklat ni Mormon.

   Pag-aralan ang mga sumusunod na hanay ng mga talata, at alamin ang mahahalagang katotohanang itinuro ng Tagapagligtas tungkol sa Kanyang sarili at sa Kanyang doktrina. Maaari mong gamitin ang mga footnote para sa mga banal na kasulatang ito para makatulong na tumuklas ng mahalagang impormasyon.

   Doktrina at mga Tipan 20:8–15 (Ang Aklat ni Mormon at ang ginagampanan nito sa Pagpapanumbalik)

   Doktrina at mga Tipan 20:17–25 (Ang plano ng kaligtasan)

   Pumili ng dalawa o mahigit pa sa mga katotohanang pinag-aralan mo. Isulat kung bakit sa palagay mo ay mahalagang bigyang-diin ang mga katotohanang ito habang itinatatag ang Simbahan.

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

© 2023 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. PD80007812_893_111-1